## *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 4*
## *Ang Diwa ng Tao*

***"23 At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23)***

Tayo ay magpapatuloy upang pag aralan ang Kasulatan sa Bagong Tipan na naglalaman ng Salitang 'espiritu' na sa Griyego ay 'Pneuma'.

Ating basahin ang Kasulatan na nagpapahayag tungkol sa tao na may Espiritu ng Dios at talakayin ito: ***"1 At ako, mga kapatid, nang pumariyan sa inyo, ay hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o sa karunungan, na nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Dios. 2 Sapagka't aking pinasiyahang walang maalaman anoman sa gitna ninyo, maliban na si Jesucristo, at siya na napako sa krus. 3 At ako'y nakisama sa inyo na may kahinaan, at may katakutan, at may lubhang panginginig. 4 At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan: 5 Upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios. 6 Gayon man, ay nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang: bagaman hindi ng karunungan ng sanglibutang ito, o ng mga may kapangyarihan sa sanglibutang ito, na ang mga ito'y nangauuwi sa wala: 7 Kundi sinasalita namin ang karunungan ng Dios sa hiwaga, yaong karunungan na itinalaga ng Dios, bago nilalang ang mga sanglibutan sa ikaluluwalhati natin: 8 Na hindi napagkilala ng sinomang pinuno sa sanglibutang ito: sapagka't kung nakilala sana nila, ay dising di ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian: 9 Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya. 10 Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios. 11 Sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios. 12 Nguni't ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Dios; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios. 13 Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu. 14 Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. 15 Nguni't ang sa espiritu ay nagsisiyasat sa lahat ng mga bagay, at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman. 16 Sapagka't sino ang nakakilala ng pagiisip ng Panginoon, upang siya'y turuan niya? Datapuwa't nasa atin ang pagiisip ni Cristo." (1 Corinto 2:1-16 KJV)***

***"1 At ako, mga kapatid, nang pumariyan sa inyo, ay hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o sa karunungan, na nagbabalita sa inyo ng patotoo ng Dios." (1 Corinto 2:1 KJV)*** Sumulat si Apostol Pablo sa mga kapatid sa simbahan ng Corinto, at sinasabi niya sa kanila na ang tao na may espiritu ng Dios, ipinahayag niya ang patotoo ng Dios, hindi sa isang matalinong pananalita at pagpapalabas gaya ng ginagawa gaya ng makasanlibutang mga tao. Ang Kanyang espiritu na may daan sa Banal na Espiritu ng Dios ay magtuturo na gawin ang mabubuting bagay at salitain ang mga bagay tulad ng nais ng Dios na gawin niya at salitain. Ang Dios ay kikilos sa pamamagitan niya sa buhay ng mga tao at at hahayaan siyang gumawa ng mga bagay na hindi niya namamalayan na ang mga ito ay mula sa Dios.

***"2 Sapagka't aking pinasiyahang walang maalaman anoman sa gitna ninyo, maliban na si Jesucristo, at siya na napako sa krus." (1 Corinto 2:2 KJV)*** Ang tao na may Espiritu ng Dios, tinitiis na ituwid ang mga tao at ipakilala sa kanila si JesuCristo at Siya ay ipinako sa krus. Ipinapahiwatig ng Banal na Kasulatan at dinadala ng Banal na Espiritu mula sa Salita at mga tagubilin na nagmula sa Dios upang lubos na ipakilala si Cristo sa mga tao. Ginawa iyon ni Pablo sa kanila upang ipakilala sa kanila si Cristo sa pamamagitan ng Kasulatan na ipinapaliwanag niya sa kanila. Si Pablo ay isang taong tapat sa Dios at mayroong malinaw at malinis na motibo sa lahat ng kanyang ginagawa para sa kaluwalhatian ng Dios. Ang kanyang layunin ay ipakilala lamang si Cristo sa kanila. <u>Sa parehong paraan kailangan nating tiisin upang ipakilala sa mga tao si Cristo at ang Salita ng Dios na idinidikta ng Banal na Espiritu sa atin para salitain sa mga tao.</u>

***"3 At ako'y nakisama sa inyo na may kahinaan, at may katakutan, at may lubhang panginginig." (1 Corinto 2:3 KJV)*** Sa panlabas ang tao na may Espiritu ng Dios ay mahina, may takot, at panginginig, gaya ng maliit na mga bata, na nasa harapan ng mga higanti, tulad ni David sa pagharap kay Goliath. Ipinagtatapat ni Pablo dito ang kanyang kahinaan sa harap ng mga taga Corinto, siya ay nagpatuloy at sinabi sa kanila, ***"Sapagka't, sinasabi nila, Ang kaniyang mga sulat, ay malaman at mabisa; datapuwa't ang anyo ng kaniyang katawan ay mahina, at ang kaniyang pananalita ay walang kabuluhan." (2 Corinto 2:3 KJV)*** Si Pablo ay isang tao sa

panlabas ay hindi kahanga-hanga ngunit ang sulat na sinulat niya sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios ay mabigat sa kanyang mambabasa at tagapakinig. Sa parehong paraan, kapag tayo'y kumilos sa pamamagitan ng Espirtu ng Dios, hindi tayo magiging kahanga-hanga sa panlabas, ngunit ginagawa natin ang tunay na kalooban ng Dios.

***"4 At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan:" (1 Corinto 2:4 KJV)*** Ang pangangaral ni Pablo ay hindi nakakahikayat na mga salita ng karunungan ng tao, kundi paglalarawan at gawa ng Banal na Espiritu pagkakamit ng mga pangyayari at himala mula sa Banal na Espiritu. Ang tao na may Espiritu ng Dios ay nakikita ang dakilang kapangyarihan ng Dios sa palibot Niya at ang Dios ang buong may kontrol ng sitwasyon.

Si Eliseo nang siya ay napapalibutan ng hukbo ng mga Syriano, ang kanyang lingkod ay natakot dahil hindi niya makita ang hukbo ng Dios na nakapalibot sa kanila at nagpoprotekta sa kanila mula sa pananakop ng mga hukbo ng sanglibutan gaya ng mababasa natin dito, ***"15 At nang ang lingkod ng lalake ng Dios ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin?16 At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila. 17 At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, Panginoon, na idilat ang kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita, at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo." (2 Hari 15-17 KJV)*** Sa parehong paraan habang tayo'y puspos ng Banal na Espiritu ng Dios hayaan nating makita ang mga hukbo ng Dios na nakapalibot sa atin at nagpoprotekta sa atin mula sa pananakop ng mga hukbo mula sa masama at sa kapangyarihan ng kadiliman.

***"5 Upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios." (1 Corinto 2:5 KJV)*** Sinasabi ni Pablo sa kanila na ang kanilang pananampalataya ay dapat hindi batay sa kanilang nakikita at natitimbang sa pagdadahilan ng mga tao at sa karunungan ng sanglibutan, kundi ito'y batay sa Dios, sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban, at iyon ang kapangyarihan ng Dios. Ang isang mananampalataya ay hindi dapat maniwala sa kanyang nakikita at naririnig, ni alinman na paniwalaan ang taong nakapalibot sa kanya ni paniwalaan ang kanyang sarili at ang kanyang mahinang kapasidad, kundi manampalataya sa sinabi ng Dios sa Kanyang Salita. Sa gayong paraan ang mananampalataya ay namumuhay sa kapangyarihan ng Dios.

***"6 Gayon man, ay nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang: bagaman hindi ng karunungan ng sanglibutang ito, o ng mga may kapangyarihan sa sanglibutang ito, na ang mga ito'y nangauuwi sa wala:" (1 Corinto 2:6 KJV)*** Kapag ang ating pananampataya at panindigan ay batay sa tunay na Salita ng Dios sa gayon sinasalita natin at ipinapahayag natin ang karunungan ng Dios, at mauunawaan ito ng mga may Espiritu ng Dios. Pinangalan ni Pablo sila ***"sa mga may gulang"*** ang mga mayroong Espiritu ng Dios. Sinasabi ni Pablo sa kanila na hindi tayo nagsasalita sa kanila ng karunungan ng sanglibutang ito, na wika ng mga prinsepe ng sanglibutang ito, na nagsasalita at pagsasalita ng marami ngunit kalaunan ay nauuwi sa wala.

Maari ka ring pumunta at makinig sa mga namumuno ng salinbutang ito at kung ano ang kanilang sinasabi at napagmamasdan at nakikita na ang kanilang pananalita ay nauuwi sa wala. Kaya naman walang bunga sa diwa ng mga balita at pakikinig sa pangyayari sa lahat ng dako. Walang magaganap malibang itinakda ng Salita ng Dios at kung anong nasa isip ng Dios.

***"7 Kundi sinasalita namin ang karunungan ng Dios sa hiwaga, yaong karunungan na itinalaga ng Dios, bago nilalang ang mga sanglibutan sa ikaluluwalhati natin:" (1 Corinto 2:7 KJV)*** Ang tao na may Espiritu ng Dios ay nagsasalita ng karunungan ng Dios, at kanyang sinasalita ay hiwaga, ang isang bagay na nakatago mula sa sanglibutan, ngunit lantad sa mga may Espiritu ng Dios. Ang gayong tao ay maaring mas lumalim sa Espiritu upang malaman pa ang nakatagong mga bagay ng Dios. Si Pablo ay may pananalig sa kanyang sarili at sa harapan ng mga taga Corinto ng kung anong kanyang sinasabi at sinasalita; na siya ay pinatnubayan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng Dios at may karunungan ng Dios at ang kanyang sinasabi ay isang hiwagang bagay, hindi nakatago sa kanya, kundi sa sanglibutan at sa mga wala at hindi sumusunod sa Espiritu ng Dios. May itinakdang mga bagay ang Dios; mga bagay na maging sa pasimula ng pagtatag ng sanglibutan, para sa ating sariling kabutihan at para sa Kanyan kaluwalhatian; ang Dios ay hindi nagbabago sa kung anong nasa Kanyang isipan, kaya dapat nating baguhin ang nasa ating kaisipan at palitan ang mga ito ng nasa kaisipan ng Dios upang matanggap natin at masiyahan sa mabubuting bagay na inihanda Niya para sa atin.

Kaya ngayon, anong uri ng buhay ang nais mong ipamuhay at anong landas ang nais mong sundan? Nais mo bang mamuhay sa takot at pagkabalisa at kalituhan katulad ng alipin ni Eliseo na nakikita ang mga kaaway na nakapalibot sa kanya, o mabuhay sa pananalig at katiyakan na kung anong magaganap sa palibot mo katulad ni Eliseo na nakikita ang mga karo ng apoy na nagpoprotekta sa kanila, na ipinadala ng Dios?

***"8 Na hindi napagkilala ng sinomang pinuno sa sanglibutang ito: sapagka't kung nakilala sana nila, ay dising di ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian:" (1 Corinto 2:8 KJV)*** Sinabi ni Pablo sa kanila na ang mga prinsipe ng sanglibutang ito, ang mga pinuno ng sanglibutang ito, sila'y walang nakatagong hiwaga at ang kayamanan ng Dios at kung anong nasa Kanyang kaisipan patungo sa buong sanglibutan, kung hindi di nila ipinako si Jesus. Kaya naman hindi nila batid ang mabubuting bagay na inihanda ng Dios para sa umiibig sa kanya. Ang mga hindi nakikinig sa tagubilin na nagmumula sa Salita ng Dios sila'y walang Espiritu ng Dios at kaya wala silang kamalayan sa inihanda ng Dios sa kanila ng mabubuting bagay.

***"9 Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya." (1 Corinto 2:9 KJV)*** Ang mabubuting bagay na inihanda ng Dios para sa atin ay hindi nakikita ng mata o narinig ng mga tenga, kaya naman sinabi niya sa kanila, ***"Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya."*** Kinuha iyon mula kay propeta Isaias, ***"4 Sapagka't hindi narinig ng mga tao mula nang una, o naulinigan man ng pakinig, o ang mata ay nakakita man ng Dios liban sa iyo, na iginagawa niya ng kabutihan ang naghihintay sa kaniya." (Isaias 64:4 KJV)*** Sa paghahambing sa **1 Corinto 2:9** sa **Isaias 64:4** mapapagpasyahan natin na ang mga umiibig sa Dios, ay yaong mga naghihintay sa Dios. *Ang kawalan ng pasensya at kawalan ng pagpipigil sa sarili ay isa pang tanda ng mga taong pinangungunahan ng laman at ng kanilang damdamin,*

***"10 Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios." (1 Corinto 2:10 KJV)*** Ang mabubuting bagay na inihanda ng Dios para sa atin ay maari nating makita at marinig sa pamamagitan ng Kanyang Espirtu, at kaya naman kailangan nating magkaroon ng Espiritu ng Dios upang makita at marinig ang mabubuting bagay na ito. Kailangan nating magkaroon ng Espiritu ng Dios upang masiyasat natin ang kalalimang mga bagay ng Dios na inihanda Niya sa atin upang tanggapin.

***"11 Sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios." (1 Corinto 2:11 KJV)*** Bawat tao ay kilala kung anong nasa loob niya sa pamamagitan ng espiritu ng tao. *Sa parehong paraan, ang mga bagay ng Dios ay hindi kilala ng tao, kundi tanging sa pamamagitan ng Banal ng Espiritu at sa pangunguna ng Banal na Espiritu na makilala ang kalalimang bagay ng Dios.*

***"12 Nguni't ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Dios; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios." (1 Corinto 2:12 KJV)*** Hindi natin tinanggap ang espiritu ng sanglibutan na gawin tayong mangmang sa mga bagay ng Dios, kundi ibinigay ng Dios sa atin nang marangya ang Kanyang Espiritu, at yaon ay nakagawa sa ating makilala ang ibinigay ng Dios sa atin. *Ginawa ng Dios ang Kanyang Banal na Espiritu nang walang bayad sa atin, kaya naman kailangan nating pakaibigin sa pagtanggap ng Banal na Espiritu ng Dios at mamuhay sa Espiritu at paggawa ng mga bagay na nais ng Dios na makamit natin para sa Kanya.*

***"13 Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu." (1 Corinto 2:13 KJV)*** Ang Banal na Espiritu na ibinigay sa atin ng Dios, ay hindi lamang ibinigay sa atin ang kakayahang makita at madinig ang mabubuting bagay inihanda ng Dios sa atin, kundi magawa nating sabihin ang mga salita na hindi maunawaan ng karunungan ng tao, isang wika na karaniwan sa mga tao na hindi maunawaan kapag ating inihambing sa mga bagay na espirituwal sa espirituwal. Ang Espiritu ng Dios ay nagbibigay sa atin ng mga Salita na sasabihin at sasalitain, na hindi maaring maunawaan ng iba kung anong sinasabi natin, mauunawaaan lamang kapag handa nilang tanggapin ang Espiritu ng Dios.

***"14 Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu." (1 Corinto 2:14 KJV)*** Ang karaniwang makamundong likas na mga tao na nabubuhay para sa kasiyahan ng laman ay hindi nila matatanggap o tatanggapin ang mga bagay na binigkas ng Espiritu ng Dios; sapagkat ang mga ito ay kamangmangan sa kanila, hindi nila sila nakikilala o pinahahalagahan ang mga ito.

***"15 Nguni't ang sa espiritu ay nagsisiyasat sa lahat ng mga bagay, at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman." (1 Corinto 2:15 KJV)*** Ang tao na may Espiritu ng Dios at lumalakad sa Espiritu ng Dios ay makakaya niyang makilala at makapagbigay ng mabuting hatol at tamang pasya sa mga bagay na nagaganap sa palibot niya. Maririnig at makikita niya, at makikilala niya ang kalooban ng Dios nang malinaw. *Nang sinabi ni Pablo, **"at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman."** ang ibig niyang sabihin ay na hindi nila makitaan ng kamalian o*

*kawalang katarungan sa espiritual na tao dahil siya ay masigasig na panatilihin ang kanyang sarili na sumulong sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios, nagtitiis sa kung anong ipinapanguna ng Dios sa kanya na gawin. Hindi mo siya mahahatulan o maarok siya dahil siya ay puspus ng Espiritu ng Dios sa Kanyang buhay, at yaon ay dumating sa kanya dahil siya ay nagagalak na mamuhay sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios. Ang kanyang diwa ng tao ay naabutan ng Espiritu ng Dios.*

***“16 Sapagka't sino ang nakakilala ng pagiisip ng Panginoon, upang siya'y turuan niya? Datapuwa't nasa atin ang pagiisip ni Cristo.” (1 Corinto 2:16 KJV)*** Ano ang itinanong ni Pablo dito, ***“Sapagka't sino ang nakakilala ng pagiisip ng Panginoon, upang siya'y turuan niya?*** Nagtatanong si Pablo sino ang mayroong kaisipan ni Cristo kaysa sa espirituwal na tao, at sino ang makakapagpayo sa espirituwal na tao? *Ang taong may Espiritu ng Dios hindi yaon na hindi mo siya matuturuan kundi hindi mo na kailangan pang turuan siya dahil tama ang kanyang isip.* Sinasabi ni Pablo na ang mga makamundong likas na tao ay hindi maaaring magturo sa atin, tayo na may espiritu ng Dios, dahil hindi nila alam kung ano ang nasa isip ng Panginoon ayon sa ating nalalaman at itinuro Niya. *Ang sinasabi rin ni Pablo dito at maayos na naunawaan na kung isang tao ay may kaisipan ng Dios ay maaring turuan tayo at making tayo dahil iyon ay parehong kaisipan na nalulugod tayo na magkaroon at mapalago.* Upang maunawaan nang mas malinaw ang sinasabi ni Pablo maari nating basahin pa sa ikatlong kabanata ang kanyang unang sulat sa mga taga Corinto. ***“1 At ako, mga kapatid, ay hindi nakapagsalita sa inyo na tulad sa mga nasa espiritu, kundi tulad sa mga nasa laman, tulad sa mga sanggol kay Cristo. 2 Kinandili ko kayo ng gatas, at hindi ng lamang-kati; sapagka't kayo'y wala pang kaya noon: wala, na ngayon pa man ay wala kayong kaya; 3 Sapagka't kayo'y mga sa laman pa: sapagka't samantalang sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi baga kayo'y mga sa laman, at kayo'y nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga tao?” (1 Corinto 3:1-3 KJV)*** Sinasabi ni Pablo sa mga taga Corinto na hindi niya sila maituturing na espirituwal kundi sa makamundo at nasa laman pa rin at ilan sa kanila ay nasa paninibugho, pagtatalo, at pakakabaha-bahagi. Kaya hindi niya sila mabigyan ng lamang-kati (malalim na katuruan) dahil sila’y mga sanggol pa at hindi makatunaw; kaya kailangan pa niyang bigyan sila ng gatas at iyon ang kaya nilang tiisin. Sa pagsasabi sa kanila ng gayon. Hindi lamang sinasabi ni Pablo sa kanila ang kanilang mga kasalanan kundi sinasabi rin niya sa kanila na kailangan nilang magsisi at magbago upang sila ay maging espirituwal at magawang matunaw ang lamang-kati na dapat nilang tanggapin ngayon upang lumago at maabot ang buong sukat sa kalooban ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Mahamon tayo ngayon na bigyang daan Ang Banal na Espiritu ng Dios upang mamuno sa buong buhay natin. Hayaan natin Siya na baguhin tayo upang makita, marinig, at tanggapin natin ang mabubuting bagay na inihanda ng Dios para sa atin. Mahamon tayong lumago at maging ganap upang tanggapin natin ang mabubuting bagay na itinakda ng Dios sa harap ng sanglibutan para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa ating pansariling kapakinabangan. Lubos nating talikuran ang mga kasalanan, kamunduhan at ang ating makasariling mga ambisyon at baguhin ang ating mga paraan na nagnanais ng buhay sa Espiritu, habang nananalangin tayo sa Diyos.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong salita na ginawang malinaw ang mga bagay at nagawa kong maunawaan ang iyong Salita at ang iyong mga landas. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa iyong kamay. Panginoon ako’y nagsisi mula sa aking mga kasalanan ______________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na talikuran ang paninibugho, pananaghili, pakikipag away at pagtatalo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magparami ng bunga ng Banal na Espiritu na malinaw na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon puspusin ako ng iyong Banal na Espiritu at pangunahan ako araw-araw ng iyong Banal na Espiritu na gawin ang iyong kalooban at lumakad sa iyong mga landas. Panginoon tulungan akong lumago sa iyong Espiritu upang makita at marinig ang lahat ng mabubuting bagay na inihanda mo sa akin at sa mga umiibig sa iyo at naghihintay sa iyo.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na lumapit sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan nila sa kanilang buhay upang yumaon at paglingkuran ka. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming pumaroon at mag evangelio at abutin ang mga tao at pagtatanim ng pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf

Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com